



MARK B HORTON, MD, MSPH
Director

State of California—Health and Human Services Agency California Department of Public Health



ARNOLD SCHWARZENEGGER
Governor

Protektahan ang Iyong Sarili at ang Iyong Sanggol

Kung ikaw ay buntis o palagay mo'y maaari kang buntis, dapat mo malaman kung ano ang HIV, ang virus na nagdudulot ng AIDS.

Ang pagbubuntis ay panahon upang pangalagaan ang iyong sarili at kumuha ng mga regular na medikal na checkup para sa iyong kalusugan at kalusugan ng iyong sanggol. Mayroong mga itatanong sa iyo ang iyong health care provider at titingnan niya kung mayroon kang mga kondisyon upang ikaw at ang iyong sanggol ay maaaring maging pinakamalusog na maaari. Bilang bahagi ng iyong rutinang prenatal care o kapag ikaw ay nag-le-labor at nanganganak, ikaw ay susuriin para sa HIV maliban kung ayaw mo. Ang HIV testing habang buntis ay ang pinakamaiging desisyon para sa iyo at sa iyong sanggol.

Ano ang HIV?

Ang Human Immunodeficiency Virus (HIV) ay isang sakit na nagpapahina sa immune system, at ginagawa nitong mahirap para sa katawan na labanan ang mga impeksyon.

Paano naipapasa ang HIV?

Ang HIV ay pangunahing kumakalat sa pamamagitan ng pakikipagtalik nang walang proteksyon o pakikigamit ng mga karayom ng isang taong may impeksyon ng HIV. Ang karamihan ng mga babae sa US ay naimpeksyon ng HIV sa pamamagitan ng pakikipagtalik sa mga lalaki.

Ang isang buntis na babae na naimpeksyon ng HIV o may AIDS ay maaaring magpasa ng HIV sa kanyang sanggol habang buntis, habang nanganganak, at habang nagpapasuso.

Paano makatulong sa aking sanggol ang isang HIV test?

Ang isang HIV test ay tutulong sa iyo at sa iyong sanggol sa pamamagitan ng pagsabi sa iyo na kailangan mong magpagamot kung ang iyong HIV test ay positive. Ang pagpapagamot habang buntis, sa panahon ng labor at panganganak ay maaaring makatulong bawasan ang panganib na maipasa ang HIV sa iyong sanggol.

Natutunan ng mga doktor na kung ikaw ay impektado ng HIV, ang pagpapagamot gamit ang angkop na gamot ay maaaring makapagbawas nang husto sa posibilidad na maipapasa mo ang HIV sa iyong sanggol.

Paano kung HIV positive ako?

Kung ikaw ay HIV positive, maigi ang kausapin ang iyong health care provider tungkol sa mga opsyon sa pagpapagamot. Malamang ay magrekomenda sila ng gamot na itinuturing na ligtas habang buntis. Maaaring hikayatin kang ipagpatuloy ang gamot pagkatapos manganak para sa iyong sariling kalusugan, depende sa ilang mga factor.

Maaari mong protektahan ang iyong sarili mula sa HIV sa pamamagitan ng:

- Paggamit ng latex/polyurethane condom (lalaki o babae) kapag ikaw ay nakikipagtalik kahit na ikaw ay buntis. Gumamit ng water-based lubricants lamang. Ang oil-based lubricants ay makakapanghina ng mga condom at babawasan nito ang pagkabisa ng mga condom.
- Hindi paggamit ng karayom ng iba o hindi pagpapahiram ng karayom sa iba para sa pag-iniksiyon ng mga gamot, mga steroid, mga bitamina, pag-tattoo, o pagbutas.

Ibang mga lugar na mapagkukunan ng tulong:

Tawagan ang California HIV/AIDS Hotline sa 1-800-367-2437 (AIDS) para sa HIV referral at listahan ng makokonsulta, kabilang ang mga eksperto sa prenatal HIV treatment sa iyong lugar.